Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagsulat ng Tamang Pang-ukol

Kakayahan: Naisusulat ang tamang pang-ukol na bubuo sa diwa ng pangugusap

Isulat sa patlang ang tamang pang-ukol upang mabuo ang pangungusap.

1. Inatasan _____ Pangulong Aquino III si Kalihim Manuel Roxas na ilipat _____ bagong tirahan ang mga *informal settlers*.

2. Ang paglilinis _____ lagusan ng tubig sa mga lungsod ay makatutulong sa pagtigil ng pagbabaha _____ lansangan ng *Metro Manila*.

3. _____ batas ang pamamahala ng mga lokal na pamahalaan at ng *National Housing Authority* sa paglipat _____ taong nakatira sa mga lugar na mapanganib.

4. _____ iba't ibang lalawigan ng bansa ang karamihan sa mga *informal settlers*. Hangarin nila ang makahanap ng trabaho _____ *Metro Manila*.

5. Ang mga programa ng pamahalaan _____ kapakanan ng mga *informal settlers* ay naaayon _____ batas.

6. _____ *Presidential Spokesperson* Edwin Lacierda, ipinagbabawal na bumalik ang mga *informal settlers* sa kanilang mga tirahan sa mga estero.

7. Binigyan _____ Kalihim Jesse Robredo ang mga lokal na opisyal ng katusuan _____ pagpasok ng mga bagong *informal settlers* sa kanilang mga sinasakupang lugar upang hindi dumami ang mga nakatira _____ estero.

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagsulat ng Tamang Pang-ukol (Mga Sagot)

Kakayahan: Naisusulat ang tamang pang-ukol na bubuo sa diwa ng pangugusap

Isulat sa patlang ang tamang pang-ukol upang mabuo ang pangungusap.

1. Inatasan ___ni___ Pangulong Aquino III si Kalihim Manuel Roxas na ilipat ___sa mga___ bagong tirahan ang mga *informal settlers*.

2. Ang paglilinis ___ng mga___ lagusan ng tubig sa mga lungsod ay makatutulong sa pagtigil ng pagbabaha ___sa mga___ lansangan ng *Metro Manila*.

3. ___Alinsunod sa___ batas ang pamamahala ng mga lokal na pamahalaan at ng *National Housing Authority* sa paglipat ___sa mga___ taong nakatira sa mga lugar na mapanganib.

4. ___Mula sa___ iba't ibang lalawigan ng bansa ang karamihan sa mga *informal settlers*. Hangarin nila ang makahanap ng trabaho ___sa___ *Metro Manila*.

5. Ang mga programa ng pamahalaan ___para sa___ kapakanan ng mga *informal settlers* ay naaayon ___sa___ batas.

6. ___Ayon kay___ *Presidential Spokesperson* Edwin Lacierda, ipinagbabawal na bumalik ang mga *informal settlers* sa kanilang mga tirahan sa mga estero.

7. Binigyan ___ni___ Kalihim Jesse Robredo ang mga lokal na opisyal ng katusuan ___laban sa___ pagpasok ng mga bagong *informal settlers* sa kanilang mga sinasakupang lugar upang hindi dumami ang mga nakatira ___sa mga___ estero.

© 2014 Pia Noche